WCB FACTS 2024

MGA ANNUITY SA PAGRERETIRO

Ano ang annuity sa pagreretiro?

Ang Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) ay naglalaan ng mga pondo para sa mga karapat-dapat na manggagawa sa isang account ng annuity para sa pagreretiro. Layunin ng pondong ito na tulungan ang mga manggagawa sa kanilang kita sa pagreretiro kung ito ay apektado ng pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho. Sa pangkalahatan, ang annuity ay mababayaran sa mas maaga sa edad na 65, o kapag nagpasya ang WCB na ang isang manggagawa ay nagretiro mula sa trabaho, ngunit hindi bago ang edad na 55.

Paano popondohan ang annuity sa pagreretiro?

Ang annuity ay popondohan ng WCB; gayunman, maaari rin piliin ng mga manggagawa na mag-ambag sa pondo.

Sino ang karapat-dapat para sa annuity sa pagreretiro?

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang annuity sa pagreretiro kung:

1. Ikaw ay nakatanggap ng mga benepisyo para sa nawalang sahod para sa minimum na 104 na linggo; at
2. Ang pensyon ng iyong employer ay naapektuhan sa pamamagitan ng pinsala mula sa trabaho
   O
   Ang inyong employer kapag napinsala ay walang pension plan.

Paano gumagana ang annuity sa pagreretiro?

Ang halagang ibinubukod ng WCB ay depende sa halagang (kung mayroon man) iniaambag ng iyong employer bago ang pinsala, at ang halagang patuloy na iniaambag nila sa iyong plano ng pensiyon kapag ikaw ay naging karapat-dapat.

Maaapektuhan ba ang aking mga lingguhang benepisyo ng halaga ng annuity na itinabi ng WCB?

Ang halaga na ibinubukod ng WCB **ay hindi** binabawas mula sa iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod. Kung pinili mong magbigay ng mga kontribusyon sa iyong taunang bayad, ang halaga na pipiliin mo na ibigay bilang kontribusyon ay ibabawas mula sa bayad sa iyo sa benepisyo para sa nawalang sahod.

Magkano ang maaari kong iambag sa annuity sa pagreretiro?

Ikaw ay maaaring mag-ambag ng kahit anumang halaga hanggang sa parehong halagang iniaambag ng WCB.

Maaari ko bang pataasin o pababain ang halaga ng aking kontribusyon?

Sa sandaling ikaw ay nakapagdesisyon na mag-ambag o hindi, ang desisyon na ito ay hindi maaaring baguhin.

Ano ang halaga ng interes na kinikita ng account sa annuity sa pagreretiro?

Ang account sa annuity sa pagreretiro ay kumikita ng interes sa halagang tulad ng book rate of return ng mga pamumuhunan sa WCB.

Paano binabayaran ang annuity sa pagreretiro?

Ang mga annuity ay babayaran bilang isang lump sum sa oras na magretiro ka. Gayunman, ang buwanang pagbabayad na opsyon ay available kung ang annuity ninyo ay umabot sa isang partikular na antas. Sa 2024, ang antas na ito ay $20,100.

Magkano ang aking magiging bayad sa buwanang retirement annuity?

Ang buwanang halaga na iyong tatanggapin mula sa iyong account ng annuity sa pagreretiro ay depende sa iyong mga kalagayan. Ang mga salik na isinasaalang-alang kapag kinakalkula ang buwanang bayad ng isang annuity ay:

- ang uri ng annuity na iyong pinili;
- ang halaga ng mga ginawang kontribusyon;
- ang iyong edad; at;
- ang mga hinaharap na rate ng interes.

Ano ang mangyayari kung ako ay pumanaw bago ako makakolekta ng annuity?

Kung ikaw ay pumanaw bago maabot ang iyong edad ng pagreretiro, ang iyong nabubuhay na asawa o common-law partner, ay makakatanggap ng buong halaga ng account ng iyong annuity sa pagreretiro hanggang sa petsa ng iyong pagpanaw (ang iyong mga kontribusyon at interes **dagdag pa** ang mga kontribusyon at interes ng WCB).

Kung ikaw ay pumanaw bago maabot ang iyong edad ng pagreretiro, at ikaw ay walang asawa o common-law na katuwang sa panahon ng iyong pagpanaw, ang iyong ari-arian ay makakatanggap ng halaga ng account ng iyong annuity (bayad sa iyo sa bawat taon) sa pagreretiro hanggang sa petsa ng iyong pagpanaw, batay sa petsa ng iyong pinsala.

Ako ba ay makakatanggap ng mga regular na statement ng aking account ng annuity sa pagreretiro?

Oo, makakatanggap ka ng isang pahayag sa buwan ng Hunyo taon-taon. Ang pahayag ang nagbibigay ng mga detalye tungkol sa balanse sa account ng iyong annuity sa pagreretiro hanggang Disyembre 31 ng nakaraang taon. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng iyong mga kabuuang kontribusyon (kung mayroon man), mga kontribusyon ng WCB at ang halaga ng interes na kinita sa kalendaryo ng nakaraang taon.

Maaari ko bang ilipat ang aking annuity sa pagreretiro sa isang nakarehistrong planl?

Ang annuity sa pagreretiro ng WCB ay **hindi** isang nakarehistrong plano, kaya ito ay **hindi maaaring** mailipat sa isang nakarehistrong plano.

Kailangan mong ipagbigay-alam sa WCB ang anumang pagbabago sa adres, upang maipagpatuloy ng WCB ang pagpapadala sa iyo ng mga statement ng account ng annuity sa pagreretiro.

Kung mayroon kang karagdagang mga katanungan tungkol sa mga annuity, mangyaring tumawag sa 204-954-4321 o walang bayad sa 1-855-954-4321.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.